A COMMUNITY INITIATIVE
SAFE FOOD SAFE FAMILY
BY AL YASRA FOODS

Proudly brought to you by
alyasra FOODS



# ANO ANG NASA IYONG SANGKALAN?

**Ang bacteria.** Mahalaga ang paghihiwalay dahil madaling kumalat ang bacteria mula sa katas ng isang hilaw na pagkain papunta sa iba pang pagkain, maging sa grocery cart man, refrigerator, o sa sangkalan.. Ihiwalay ang iyong mga pagkain sa loob ng grocery cart o refrigerator at gumamit ng magkakaibang sangkalan para sa iyong mga prutas, gulay, karne at manok.

# HIWALAY ITO

Tingnan ang checklist sa ibaba at alamin kung tama ang paghihiwalay na iyong ginagawa. O mas mabuti pa, gupitin ito at ilagay sa inyong ref upang magsilbing paalala.

- Gumamit ng ibang sangkalan para sa mga prutas at gulay, karne, manok, pagkaing-dagat at itlog
- Gumamit ng ibang kubyertos (mga plato, kutsilyo) sa mga lutong pagkain, prutas at gulay at sa hilaw na karne, manok
- Itabi ang mga itlog sa orihinal nitong karton at ilagay sa mga shelf ng refrigerator—hindi sa lalagyan sa pintuan ng refrigerator
- Ihiwalay ang karne, manok, pagkaing-dagat at mga itlog sa lahat ng iba pang pagkain sa grocery cart at ref
- Gumamit ng mga plastic bag upang itabi ang hilaw na pagkain gaya ng karne, manok at pagkaing-dagat
- Ilagay ang mga maaari nang kaining pagkain at ang mga hilaw na pagkain sa magkahiwalay na lugar sa iyong kusina at sa grocery cart

## ANG 4 APAT NA MAHALAGANG KAALAMAN SA LIGTAS NA PAGKAIN

**LINISIN** — Hugasan ang iyong mga kamay sa loob ng 20 segundos o higit pa bago at pagkatapos mong maghanda ng pagkain, at hugasan ang mga ibabaw sa iyong kusina at kubyertos gamit ang isang chlorine based solution.

**IHIWALAY** — Ihiwalay ang iyong mga pagkain sa loob ng grocery cart o refrigerator at gumamit ng magkakaibang sangkalan para sa iyong mga prutas, gulay, karne at manok.

**MAGLUTO** — Gumamit ng thermometer sa tuwing magluluto ka upang tiyak na malaman kung naluluto ang iyong pagkain sa sapat na init upang mapatay ang lahat ng bacteria.

**PALAMIGIN** — I-freeze ang mga pagkain SA LOOB ng isang freezer na hindi tataas ang temperatura sa -18˚C.